



Stuart R. Matthews

Illustrated by Michael Vigil

Panginoong Diyos, dalangin ko po na ipakita Ninyo ang natatanging layunin na inilagay Ninyo sa loob ng aking anak. Gabayan Ninyo po ang kanilang mga hakbang, buksan Ninyo ang mga tamang pintuan, at bigyan Ninyo sila ng lakas ng loob at kagalakan upang mabuhay para sa inyong kaluwalhatian.



Hi! Ang pangalan ko ay Cody, at ako ay isang missionary pilot.

Nagpapalipad ako ng eroplano papunta sa malalayong lugar na hindi maaabot ng mga sasakyan.

Minsan, aabutin ng ilang araw ang paglalakad para makarating doon! Pero ang aking eroplano ay tumutulong para mabilis na makakuha ng mga kailangan ang mga tao.



Nagpapalipad ako ng dalawang uri ng eroplano.

- Ang isa ay may gulong at lumalapag sa mga runway na gawa sa putik o lupa.
- Ang isa naman ay tinatawag na floatplane. Lumalapag ito sa mga ilog! Sa gubat, walang malalaking paliparan na may control tower, maliit na runway lang at mga pantalan na gawa sa kahoy.



Kahapon, lumipad kami ng aking co-pilot papunta sa isang nayon na napakalayo. Nagdala kami ng gamot, pagkain, at iba pang mga kailangan para matulungan ang mga tao. Narinig ng lahat ang ingay ng makina ng eroplano kaya alam na nilang darating na kami. Kumaway sila at ngumiti habang kami'y lumalapag sa ilog.



Sa pag-uwi namin, may tumawag sa amin!

“Cody, pwede mo bang sunduin ang doktor at ang pasyente?”

May isang lalaki na nahulog mula sa puno habang namimitas ng prutas. Aray! Kailangan niya agad dalhin sa ospital. Gumawa kami ng espasyo sa eroplano para sa stretcher, at agad kaming lumipad!



Minsan, hindi nangyayari ayon sa plano. Isang araw, ayaw mag-start ng eroplano! Kailangan naming ayusin ang makina nang mag-isa, malalim sa gubat.

Kailangan kong mag-ingat na huwag mahulog ang mga tools ko sa ilog. Ang pagkaalam kung paano ayusin ang eroplano ay kasing-halaga ng pagpapalipad nito.



Ang pagiging missionary pilot ay hindi lang tungkol sa pagpapalipad ng eroplano. Ito ay tungkol sa pagtulong sa mga tao at pagbabahagi ng pag-ibig ng Diyos. Pinapanood ng mga taga-nayon ang mga ginagawa namin at kung paano kami kumilos. Kaya mahalagang magpakita ng kabutihan at maging mabuting tagatulong. Minsan, tumutulong pa nga akong magturo ng mga kwentong Bible!



Ang pagiging missionary pilot ay matagal bago marating.

Nagsimula akong matuto magpalipad at mag-ayos ng eroplano noong bata pa ako.

Natuto rin akong magsalita ng mga bagong wika para makakausap ko ang mga tao sa mga nayon. Hindi naging madali, pero sulit na sulit ang pagtulong sa iba!



Araw-araw ay
pakikipagsapalaran! Minsan,
buong araw akong lumilipad. Sa
ibang araw, tumutulong akong
ayusin ang eroplano. At minsan,
nakakakilala ako ng mga bagong
kaibigan at natututo tungkol sa
kanilang buhay. Nakakapukaw na
trabaho ito, puno ng mga
sorpresa!



Kung mahilig kang tumulong sa kapwa at mahal mo ang mga eroplano, baka isang araw ikaw rin ay maging missionary pilot! Malaking trabaho ito, pero makikita mo ang pag-ibig ng Diyos sa mga kahanga-hangang lugar at matutulungan mo ang mga taong nangangailangan sa'yo. Kailangan ng mundo ang mga tagatulong katulad mo!

“Ang pinakamagandang paglalakbay ay yaong ginagawa natin para sa iba.”

Future Missionary Pilots & Mechanics of America

www.fmpma.org